

The image shows a highly detailed and colorful Islamic ceiling. It features a complex geometric pattern of interlocking triangles and squares, primarily in shades of gold, brown, and teal. Large, stylized Arabic calligraphy is integrated into the design, appearing in rectangular panels and along diagonal bands. The overall aesthetic is rich and traditional, characteristic of classical Islamic architecture.

Ang Paglalakbay

Pag-asa sa Gitna ng Epidemya

Mahal naming kapatid,

Assalaamu alaykum wa rahmatullaahi wa barakatuh!

Dalangin naming ikaw ay nasa mabuting kalagayan--hindi lamang sa pisikal kungdi sa mas mahalagang espirituwal na aspeto.

Ngayong dumaranas tayo ng isang epidemya sa ating bayan, nauunawaan naming hindi madali ang mapatigil bigla ang ating mga normal na gawain at mapahiwalay sa ating mga mahal sa buhay at kaibigan ngayong kinakailangan nating sumailalim ng quarantine. Bi'idhnillah ay malampasan natin ito nang may pagtitiis at magbunga ito ng mas malalim na pananampalataya sa Mahabagin at Maawaing Allah.

*Dahil normal sa mga ganitong panahon na makaramdam ng halu-halong emosyon tulad ng takot, lungkot, at galit, at dahil ang pagbabasa ay napatunayang isang mabisang paraan upang maiwasang mapuno ang ating isip ng mga lalong nakababahalang bagay at mabawasan ang ating nararamdamang stress, narito ang isang babasahin, **Ang Paglalakbay**, na maaaring makatulong sa pagpapakalma sa atin sa gitna ng epidemya, in shaa Allah.*

Ang Paglalakbay ay isang paalala na tayong lahat nga pala ay manlalakbay sa mundong ito. Minsan, ang paglalakbay ay maginhawa at ang daan ay madaling sundan. Minsan nama'y nakakalito at nakakapagod sa dami na rin ng ating mga dala-dala. Minsan din, bigla na lang nating kinakailangang tumigil panandalian--nasiraan ang ating sinasakyan o di kaya'y biglang nagdilim ang panahon, at kung anu-ano pa. Maaaring nakakabigla, nakakalungkot o di kaya'y nakakagalit na kinailangang biglang tumigil dahil sa hindi inaasahang pangyayari. Maaari ring nakakainip, ngunit maaari ring ang biglaan at panandaliang pagtigil palang ito sa ating paglalakbay ang siyang magbibigay sa atin ng pagkakataong mas alagaan ang ating sarili, o di kaya'y mas makapagmuni-muni na, aba, malayo na nga pala ang ating narating at marami na nga rin pala tayong nalampasan, Alhamdulillah!

Maaari ring kinakailangan lang pala ng stopover para mapansin ang napakaraming biyaya na nakapaligid sa atin.

Hindi kailangang madaliin ang pagbabasa sa aklat--hindi naman ito paligsahan. May mga oras na maaari ring paulit-ulit na basahin ang mga bahagi na nagustuhan natin, isaisip at mas mahalag ay isapuso. At higit na mas maganda, ibahagi rin sa ating mga mahal sa buhay ang aklat na ito at ang mga napulot na aral, in shaa Allah.

Kaya habang tayo ay sumasailalim sa quarantine na ito:

Magpahinga. Magbasa. Magmuni-muni. Magdasal. Manampalataya.

Halina't maglakbay na sa abot ng ating makakaya!

Yaong mga nananampalataya at ang mga puso'y nakakatagpo ng kasiyahan sa pag-alaala sa Allah—katiyakan, sa pag-alaala sa Allah nakakatagpo ng kasiyahan ang mga puso.

Banal na Qur'an, *Ar Rad* (13): 28

اللَّهُمَّ إِنِّي أَعُوذُ بِكَ مِنَ الْعَجْزِ وَالْكَسَلِ وَالْجُبْنِ وَالْبُخْلِ وَالْهَرَمِ
وَعَذَابِ الْقَبْرِ

اللَّهُمَّ آتِ نَفْسِي تَقْوَاهَا وَزَكَّاهَا أَنْتَ خَيْرُ مَنْ زَكَّاهَا أَنْتَ وَلِيَّهَا
وَمَوْلَاهَا

اللَّهُمَّ إِنِّي أَعُوذُ بِكَ مِنْ عِلْمٍ لَا يَنْفَعُ وَمِنْ قَلْبٍ لَا يَخْشَعُ وَمِنْ نَفْسٍ لَا
تَتَّبِعُ وَمِنْ دَعْوَةٍ لَا يُسْتَجَابُ لَهَا

*Allaahumma innee a`oodhu bika minal-`ajzi wal-kasali
wal-jubni wal-bukhli wal-harami wa `adhaabil-qabr.
Allaahumma Aati nafsee taqwaahaa, wa zakkihaa, Anta
khayru man zakkaahaa, Anta Waliyyuhaa wa Mawlaahaa.
Allaahummaa innee a`oodhu bika min `ilmin laa
yanfa`u, wa min qalbin laa yakh-sha`u, wa min nafsini
laa tashba`u, wa min da`watin laa yustajaabu lahaa.*

“O, Allah! Hinahangad ko ang kanlungan Mo mula sa kahinaan, katamaran, karuwagan, karamutan, pagkalugi sa katandaan, at kaparusahan ng libingan. O, Allah! Ipagkaloob sa aking kaluluwa ang pagiging masunurin, at dalisayin ito, Ikaw ang Tanging makakapagpadalisay nito; Ikaw ang Tagapag-alaga rito at Panginoon nito. O, Allah! Hinahangad ko ang kanlungan Mo mula sa kaalamang hindi kapaki-pakinabang, at mula sa isang puso na hindi mapagpakumbaba, at mula sa isang kaluluwa na hindi masiya-siyahan, at mula sa isang panalangin na hindi tinutugunan.”

(Hadith: Muslim; Ahmad; Tirmidhi; Nasa'i)

Ameen.

Dahil sa biglaang pagkakahinto ng mga normal na gawain ng karamihan sa atin ngayong hindi tayo makalabas ng bahay, maaaring mas tumindi ang ating nararamdamang lungkot, takot at galit sa nangyayaring epidemya. Maaaring maiwasan ito at mabawasan ang *stress* na nararamdaman sa pamamagitan ng malalim na pag-unawa sa nabanggit na *dua* o dasal na itinuro ng Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah).

Kahinaan, katamaran, karuwagan, karamutan... Kung ating iisiping mabuti, ito'y apat na hindi kanais-nais na katangiang dapat nating iwasan sa abot ng ating makakaya lalo na ngayong panahon ng epidemya. Itinuturo sa atin na taimtim na magdasal sa ating Makapangyarihang Lumikha para makaiwas dito. Ngunit, bukod sa dasal, paano pa natin maiiwasan ang mga ito sa abot ng ating makakaya?

1. *Alagaan ang ating katawan.* Isa sa itatanong sa atin sa Araw ng Paghuhukom base sa isang hadith¹ ay kung paano natin ginamit ang ating katawan na ibinigay ng Allah. Malaking bahagi ng pag-aalaga sa ating katawan ay ang pag-eehersisyo, tamang pagkain at sapat na tulog.

Piliting mag-unat ng mga buto (stretching exercises), tumulong sa gawaing bahay (na kung gagawin alang-alang sa Allah ay maaari na ring maituring na *sadaqah* o kawanggawa natin dahil nakakatulong tayo sa mga mahal natin sa buhay, in shaa Allah), at isagawa ang limang beses na pagdarasal (na tunay na nakakatulong sa ating pisikal, mental at espirituwal na kalusugan). Kung iisipin, ito rin mismo ang mga paraan para makaiwas sa katamaran, in shaa Allah. Kung maisasagawa natin ang mga ito, natulungan na natin

ang ating sarili, nakapagpasaya pa tayo sa ating mga kasambahay, in shaa Allah.

Piliting kumain nang tama--ayon sa isang hadith², dapat lamang ay ikatlo ($\frac{1}{3}$) para sa pagkain, ikatlo ($\frac{1}{3}$) para sa inumin, at ikatlo ($\frac{1}{3}$) para sa hangin. Ibig sabihin, iwasan nating mapasobra ang kain na siya ring nagpapahirap sa trabaho ng ating puso at iba pang bahagi ng katawan.

2. *Makipag-kwentuhan ukol sa nararamdaman o magbasa ng mga nakakapagpakalmang babasahin.* Upang makaiwas sa karuwagan o matinding pagkatakot, makakatulong na makipag-usap sa ating mga mahal sa buhay. Minsan, ang inaakala nating dinaranas nating mag-isa ay nararanasan din pala ng iba. Ang kaalamang ito ay makakatulong sa atin na maalala na normal nga lang pala na makaramdam ng mga ganitong emosyon sa oras ng pagsubok at may mga paraan para mabawasan ito, in shaa Allah. Minsan din, dahil nakapagbukas tayo ng nararamdaman at naiisip sa isa't isa, mas napapatibay ang ating samahan, ang ating pamilya. Kalimitan nga, ang nagsimulang seryosong usapan ay napupunta sa masayang biruan o pag-alala sa mga bagay na nakalimutan na nating gawin nang magkakasama. Alhamdulillah.

Ang pagbabasa rin ng mga mabubuting aklat ay isang mabisang paraan din upang mabawasan ang tensyon na nararamdaman. Tulad ng binabasa natin ngayon, maaaring ito na ang simula na mas makapagbasa ng mga aklat na magpapalalim ng ating pananampalataya, in shaa Allah.

3. *Isipin ang kapakanan ng iba, magkaisa at magtulungan.* Sa panahon ng epidemya, masusubukan din kung gaano tayo kahandang tumulong sa ating kapwa na mas nangangailangan. Hindi kalugod-lugod ang pagiging madamot--at ito'y hindi lamang sa materyal na aspeto. Habang dinadasal natin na protektahan tayo ng Allah mula sa karamutan, pilitin din nating makaiwas sa katangiang ito sa abot ng ating makakaya, Halimbawa, karamutan ang pagbili nang sobra-sobrang pagkain o mga gamit na kailangan sa panahon ng epidemya kung ito'y makakagipit sa ating kapwa, at ayon sa isang hadith³ ang ganitong gawain ay hahantong sa kaparusahan ng Allah.

Anumang mabuting gawain na makakatulong sa iba ay itinuturing din na *sadaqah* kung ito'y ginagawa alang-alang sa Allah. Tulad ng nabanggit, ang pagtulong sa ating kapamilya sa gawaing bahay at pakikipagkwentuhan ay maaaring makapagpagaan ng kanilang nararamdaman, in shaa Allah. At, kung ang pagtatanggal ng mga makasasakit na bagay sa daan ay itinuturing na kapaki-pakinabang sa ating sarili ayon sa isang hadith⁴, hindi ba't mas lalo tayong pagpapalain kung tayo'y mananatili sa ating mga tahanan dahil ang *virus* na posibleng nasa atin na ay maaaring mas makasasakit o makamamatay sa ating kapwa na mas mahihina ang resistensya?

Bukod pa rito, pagkakataon na rin nating mangumusta o higit na mag-oberba sa kalagayan ng mga mahal natin sa buhay na maaaring nahihiya lamang humingi ng tulong. Tulad ng nabanggit na pakikipagkwentuhan sa mga kasambahay upang mas mapakalma natin ang ating mga sarili, malaking tulong din ang ganito para sa

mga kapamilya, kamag-anak at kaibigan natin na nasa ibang lugar. Alhamdulillah, sa panahon ngayon ay may mga makabagong teknolohiya na ginagawang mas madali ang pangungumusta sa isa't isa. Pagkakataon na nating sila'y tawagan o i-text o i-chat online. Kumusta na kaya sila? Mukha bang kalmado o sobrang apektado na sa nangyayari? Maaaring ibahagi sa kanila ang babasahing ito upang mabawasan ang kanilang matinding nararamdaman o, kung talagang matindi na, payuhan silang makipag-usap sa isang propesyonal na kayang suriin ang kanilang kalagayan.

Napakahalaga sa ating komunidad na maisagawa ang mga bagay na ito dahil tulad nga ng nasabi ng Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah)⁵, tayo ay parang isang katawan na kapag ang isang bahagi ay masakit, ang buong katawan ay naaapektuhan.

Nawa'y masaulo natin ang *dua* na itinuro sa atin ng Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah), isapuso at isagawa sa abot ng ating makakaya. Ameen.

-
1. Ipinahayag ni Abu Barzah: Ang Sugo ng Allah (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah) ay nagsabi: "Hindi gagalaw ang mga paa ng isang alipin sa Araw ng Muling Pagkabuhay hanggang siya'y tinanong ukol sa kanyang buong buhay at paano niya ito ginugol, kanyang kaalaman at kung paano niya ito isinabuhay, kanyang kayamanan at kung saan niya ito nakuha at kung paano niya ito ginugol, at kanyang katawan at kung paano niya ito ginamit." (al-Tirmidhī)
 2. Ipinahayag ni Miqdam bin Madikarib: "Narinig ko na sinabi ng Sugo ng Allah (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah): Walang lalagyang pinupuno ng isang tao na mas

sasama pa kaysa sa kanyang tiyan. Sapat na para sa isang tao na kumain ng ilang subo at panatilihing tuwid ang kanyang gulugod. Ngunit kung kinakailangan (na punuin ito), ikatlo ay pagkain, ikatlo ay para sa inumin at ikatlo para sa hangin. (Ibn Majah)

3. Ipinahayag ni Umar ibn al-Khattab: Sinabi ng Sugo ng Allah (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah), “Ang sinumang magtago nang labis-labis ng pagkain mula sa mga Muslim, pagkakalooban siya ng Allah ng leprosy at kahirapan.” (Ibn Majah)
4. Ipinahayag ni Abu Barzah: Sinabi ko, “O, Propeta ng Allah, turuan mo ako ng isang bagay na makapagbibigay ng pakinabang sa akin.” Sinabi ng Propeta (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah), “Tanggalin mo ang mga makasasakit na bagay mula sa mga daanan ng mga Muslim.” (Muslim)
5. Ipinahayag ni Al-Nu‘man ibn Bashir: Sinabi ng Sugo ng Allah (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah), “Ang parabula ng mga nananampalataya sa kanilang pagmamahal, awa, at habag para sa isa’t isa ay yaong tulad ng isang katawan. Kapag sumakit ang kahit anong biyas (o bahagi), ang buong katawan ay nakakaramdam ng kawalan ng tulong at lagnat.” (al Bukhari; Muslim)

Kaya't Ako'y alalahanin; aalalahanin Ko kayo. At magbigay ng pasasalamat sa Akin, at huwag Akong itakwil.

O, kayong mga nananampalataya! Hanapin ang tulong sa pagtitiis at pagdarasal. Katotohanan, ang Allah ay kasama ng mga mapagtiis.

Banal na Qur'an, Al Baqarah (2): 152-153

Minsan, sa dami ng ating ginagawa't inaalala sa pang-araw-araw nating pamumuhay--mga kailangang gawin sa bahay, paaralan o trabaho; mga babayarang gastusin; mga gusto sanang bilhin o puntahan...mayroon tayong nakakalimutang alalahanin: ang Dakilang Lumikha sa atin.

Alhamdulillah sa di-inaasahang pagtigil na ito. Alhamdulillah sa biglaang pagkakaiba ng ating araw-araw na gawain. Alhamdulillah dahil bigla tayong nabigyan ng mas higit na pagkakataong palalalimin ang ating relasyon sa Kanya.

Kumusta nga ba tayo at ang ating pananampalataya? Madalas ba natin Siyang maalala?

Nagagawa ba natin ang ating mga tungkulin sa Kanya? Ang limang beses na pagdarasal sa isang araw, halimbawa, maaari kayang mas mabigyan natin ng panahon mula ngayon? Lalo na't mula sa dalawampu't apat na oras na ibinibigay Niya sa atin bawat araw, ang tanging kailangan lang ilaan para sa limang beses na pagdarasal na ito ay hindi pa aabot sa isang oras?

Paano pa kaya natin mapapabuti ang ating relasyon sa Kanya?

SubhanAllaah. Alhamdulillah. Allaahu Akbar.

Nakakagaan ng loob na binigyan pa rin Niya tayo ng pagkakataong huminto at mapag-isipan ang mga tanong na ito. Ito na ang pagkakataon...aalalahanin mo ba Siya?

Nakakatuwa rin na sa Kanya na mismo nanggaling kung ano'ng kailangang gawin sa oras na tayo'y nagigipit at nangangailangan ng tulong, Alhamdulillah. Kung isa Siyang Guro, ibinigay nga Niya ang pagsusulit pero ibinigay din naman Niya ang kasagutan, 'di ba? Pagtitiis at pagdarasal.

Pagtitiis at pagdarasal. Dalawang mahalagang kasagutan na kailangan nating isabuhay upang gumaan ang ating mga dalahin sa paglalakbay na ito. Pagtitiis at pagdarasal.

Marunong nga ba tayong magtitiis?

Masaya ba tayong nakapagtitiis sa bawat pagsubok?

Anu-ano ang mabubuting gawain na makakatulong sa ating mga sarili ang maaari nating isagawa araw-araw bilang mahalagang bahagi ng tunay na pagtitiis?

At, kapag tayo'y nagdarasal, taimtim ba sa puso natin ang pagpapasalamat at paghingi ng tulong sa Kanya?

Maraming katanungan, 'no? Pero alam din nating ang lahat ng ito'y may kasagutan.

Sa lahat ng pagkakataon, at sa lahat ng uri ng sitwasyon, nawa'y lagi natin Siyang maaalala nang may pasasalamat, at nawa'y magsikap tayo nang may tunay na pagtitiis at taimtim na pagdarasal na lalo tayong mapalapit sa Kanya. Ameen.

Ang Allah ay hindi nagbibigay sa isang kaluluwa ng higit sa kakayahan nito. Makakamit nito (ang kahihinatnan ng) anumang (kabutihan) kinita nito, at bubunuin nito (ang kahihinatnan ng) anumang (kasamaan) kinita nito. “Aming Panginoon, huwag kaming isumpa kung kami ay makalimot o magkasala! Aming Panginoon, huwag ibigay sa amin ang isang kahirapang tulad ng ibinigay Mo sa mga nauna sa amin! Aming Panginoon, huwag ipabuno sa amin yaong wala kaming kakayahang dalhin! At patawarin kami, at pawalan kami ng sala, at kaawaan kami. Ikaw, aming Tagapagtanggol, at bigyan kami ng tagumpay laban sa mga hindi nananampalataya!”

Banal na Qur'an, Al Baqarah (2): 286

Minsan, sa bigat ng ating dinadala ay naitatanong natin sa ating mga sarili kung kaya pa ba talaga natin. Minsan, tila nananaig ang pagdududa at kawalan ng pag-asa...

Alhamdulillah at ipinadala ng Allah ang bersikulong ito na nagpapaalala sa atin na **hinding-hindi tayo bibigyan ng Lubos na Maawain, Lubos na Mapagmahal na Allah ng pagsubok na hindi natin kayang lampasan**. Minsan lamang ay parang hindi na natin kaya, pero ang katotohanan ay kailangan lang pala munang huminto, huminga nang malalim, magdasal--at iiyak sa Kanya lahat-lahat kung kailangan--at alalahanin na mabigat man ang ating dinadala, walang imposible sa Makapangyarihang Allah na inaasahan natin. Pahinga muna tayo, mga kapatid. Hindi naman sinabi na kailangang dere-derecho, di ba? Hinga nang malalim at sabihin, “Alhamdulillah naririto ako! Alhamdulillah survivor ako!”

Pagkakataon na rin nating sauluhin ang dasal na ito:

Rabbanā lā tuākhiḏh'nā in nasīnā aw akhtanā. Rabbanā walā tah'mil 'alaynā is'ran kamā hamaltahu 'alāalladhīna min qablinā. Rabbanā walā tuhammil'nā mā lā tāqata lanā bih, wa-u''fu 'annā wa-igh'fir lanā wa-ir'ḥamnā, Anta mawlānā fa-unsur'nā 'alā l-qawmi l-kāfirīn.

Aming Panginoon, huwag kaming isumpa kung kami ay makalimot o magkasala! Aming Panginoon, huwag ibigay sa amin ang isang kahirapang tulad ng ibinigay Mo sa mga nauna sa amin! Aming Panginoon, huwag ipabuno sa amin yaong wala kaming kakayahang dalhin! At patawarin kami, at pawalan kami ng sala, at kaawaan kami. Ikaw, aming Tagapagtanggol, at bigyan kami ng tagumpay laban sa mga hindi nananampalataya!

Nawa'y palakasin pa ng Allah ang ating pananampalataya sa Kanya, at ang ating paniniwala na hinding-hindi Niya tayo iiwan sa oras ng kagipitan. Nawa'y patibayin Niya ang ating puso upang gawin natin ang mga kailangang aksyon para malampasan ang mga pagsubok at upang hindi tayo mawalan ng pag-asa't hindi tayo madala sa sinasabi ng ibang mga nakapaligid sa atin na lalong nakakapagpahina ng ating loob o nakakapagpaduda sa ating sariling kakayahan. Nawa'y pagpalain Niya tayo lalo sa ating pagpupursigi na mapalapit lalo sa Kanya. Ameen.

At tunay na susubukan Namin kayo sa ilang bagay (tulad ng) sa pagkatakot at gutom, at pagkawala ng kayamanan at mga buhay at mga pananim; ngunit magbigay ng mabuting pagbati sa matiisin

Na, kapag ang kapinsalaan ay tumama sa kanila, ay nagsasabi: “Katotohanan, kami ay kay Allah at katotohanan, sa Kanya kami babalik.”

Sa kanila nakalaan ang pagpapala ng kanilang Panginoon at awa. At sila ang wastong pinatnubayan.

Banal na Qur’an, Al Baqarah (2): 155-157

Isa muling paalala sa atin na bahagi talaga ng buhay sa mundong ito ang mga pagsubok. Pagkatakot, gutom, pagkawala ng kayamanan, buhay, at mga pananim-- lahat ay bahagi ng ating buhay. Isa ring paalala na mahalaga ang pagiging matiisin sa panahon ng kalamidad.

Mula ng tayo’y ipinanganak, hindi mabilang na mga pagsubok na siguro ang pinagdaanan natin, ‘di ba? (*Hindi ko na nga mabilang kung ilan*) Pero mashaAllah, Alhamdulillah, nandito pa rin tayo! Noong nakaraang taon, o buwan, o linggo, o kahapon, maaaring nasabi nating hindi na natin kaya at mawawala na tayo, pero Alhamdulillah, nalampasan natin kung anuman ang mga gumugulo sa atin noong mga panahong iyon. At ngayon ito tayo, lumalaban at nananampalatayang unti-unting makakalampas sa pagsubok na ito, in shaa Allah!

Kaya, ipagpatuloy lamang ang pagdarasal at mabubuting gawa. Bukas makalawa, nandiyan na muli ang ginhawa. In shaa Allah, ameen.

Para sa atin o mahal natin sa buhay na dinapuan ng sakit at kinailangang i-quarantine:

At (alalahanin) si Ayyub (Job), nang siya’y tumawag sa kanyang Panginoon: Katotohanan, pagdurusang ay dumapo sa akin, at Ikaw ang Pinakamaawain sa lahat ng nagpapakita ng awa.

Kaya’t tinugunan Namin ang kanyang panalangin, at inalis Namin ang pagdurusang nasa kanya, at ibinalik Namin sa kanya ang kanyang pamilya (na nawala sa kanya) at ang katulad noong kasama nila, bilang isang awa mula sa Amin, at isang paalala para sa mga sumasamba.

Banal na Qur’an, Anbiya (21): 83-84

MashaAllah! Sino’ng mag-aakala na mabibigyan tayo ng pagkakataon na malagay sa sitwasyon na halos nakakapareho ng kay Propeta Ayyub (sumakanya nawa ang kapayapaan)? Si Propeta Ayyub na dumanas ng matinding sakit bukod pa sa pagkawala ng kabuhayan at mga mahal sa buhay...ngunit sa huli ay nakaranas din ng ginhawa at kinaluguran ng Allah subhanahu wa ta’ala dahil sa kanyang pagtitiis at pananampalataya.

Alhamdulillah at ipinadala ng Allah ang Qur’an na kapupulutan natin ng mga aral. Tulad ng dua o dasal ni Ayyub na ito na magandang dinarasal natin lalo na’t dumaranas tayo ng pagsubok ngayon:

**“Annee massaniyaḍ-ḍurru wa
anta arḥamur-raaḥimeen”**

Katotohanan, pagdurusang ay dumapo sa akin, at Ikaw ang Pinakamaawain sa lahat ng nagpapakita ng awa.

In shaa Allah ay masaulo natin ang dasal na ito at maalala natin na hindi tayo nag-iisa na dumaranas ng mga pagsubok sa buhay--na mismong mga propeta na pinagpala ng Allah ay dumaan din sa mga pagsubok na ilang ulit na mas matindi kaysa sa dinaranas natin ngayon.

In shaa Allah ay magawa nating gayahin kahit mahalagang katiting lang ng ipinakitang pagtitiis at pananampalataya ng Propeta Ayyub (sumakanya nawa ang kapayapaan). In shaa Allah sa pag-alala natin sa buhay niya at sa pag-usal ng kanyang dasal ay bumalik rin sa ating alaala ang di-mabilang na mga pagkakataong naranasan at nakita natin ang habag at pagmamahal ng Lubos na Maawaing Tagapaglikha natin.

In shaa Allah ay maalala natin na tulad ng nangyari kay Propeta Ayyub (sumakanya nawa ang kapayapaan), tayo rin ay makakaranas ng ginhawa. Tulad ng sinabi din ng Allah sa iba pang bahagi ng Qur'an,

Kaya't katotohanan,

sa bawat paghihirap ay may ginhawa.

Katotohanan, sa bawat paghihirap ay may ginhawa.

Banal na Qur'an, Al Sharh (94): 5-6

Ilang Sipi mula sa *MENSAHE PARA SA MGA MAYSAKIT* ni Bediuzzaman Said Nursi

Maging matiisin, tunay ngang maghandog ng pasasalamat. Maaaring gawin ng iyong sakit ang anyo ng bawat minuto ng iyong buhay na katumbas ng isang oras na pagsamba. Dahil ang pagsamba ay may dalawang uri. Ang isa ay positibo tulad ng mga kilalang pagsamba na salah (ang ipinag-utos na pagdarasal ng limang beses sa isang araw) at panalangin. Ang isa naman ay mga negatibong uri ng pagsamba tulad ng mga sakit at mga kalamidad. Sa pamamagitan ng mga ito, nauunawaan ng mga dumaranas nito ang kanilang kawalan ng kakayahan at kahinaan; nagsusumamo sila sa kanilang Khaliq-i Raheem (Pinakamaawaing Tagapaglikha) at nagpapakupkop sa Kanya; nagpapahayag sila ng pagsamba na tapat at walang pagkukunwari.

Ibig sabihin, ang tao ay hindi dumating sa mundong ito para mamuhay sa madaling paraan at ubusin ang buhay sa kaalwanan at kasiyahan. Sa halip, siya'y nagtataglay ng napakalaking kapital, at nandirito siya para magtrabaho at makipag-kalakalan para sa kaligayahan ng isang walang hanggang, walang kamatayang buhay. Ang kapital na ibinigay sa tao ay ang kanyang buong buhay. Kung walang sakit, ang mabuting kalusugan at kalagayan ay maaaring magsanhi ng pagwawalang-bahala, dahil ipapakita nila na ang mundo ay maganda at ang kabilang buhay ay makakalimutan...

Pansining mabuti na ang nagpapasambit sa iyo ng "Ang lahat ng papuri at pasasalamat ay sa Allah!" ay ang pag-iisip ng mga pagdurusa at kalamidad na dumapo sa iyo; nagpapadama ito ng espirituwal na kaligayahan upang ang iyong puso'y maghandog ng pasasalamat. Sapagkat ang paglipas ng pagdurusa ay kaligayahan. Sa paglipas ng mga pagdurusa at mga kalamidad, isang pamana ng kaligayahan ang naiiwan sa espirito, na sa paglitaw nito sa pamamagitan ng pag-iisip ay bumubuhos mula sa espirito at pumapatak ang pagpapasalamat.

O, aking kapatid na iniisip ang kaligayahan sa mundong ito at nagdurusa dahil sa pagkabahala sa sakit! Kung ang mundong ito'y walang hanggan, at kung walang kamatayan sa ating daan, at kung hindi bumubuga ang hangin ng paghihiwalay at pagpanaw, at kung walang taglamig ng espirito sa mabagyong hinaharap, kasama mo akong maaawa sa iyo. Pero dahil isang araw ang mundong ito'y uutusan tayong umalis at isasara ang kanyang mga tainga sa ating pag-iyak, kailangan nating iwanan ang pagmamahal natin sa kanya ngayon pa lang sa pamamagitan ng mga babala nitong mga sakit, bago niya tayo paalisin. Bago niya tayo iwan, kailangang pilitin na ng ating mga puso na iwanan siya.

Oo, sinasabi ng sakit ang ganitong babala sa atin: "Hindi bato at bakal ang bumubuo sa iyong katawan, kungdi iba't ibang materyales na laging lumilipas. Iwanan mo ang iyong pagmamataas, intindihin mo ang iyong kahinaan, kilalanin mo ang Nagmamay-ari sa iyo, alamin mo ang iyong mga tungkulin, at pag-aralan kung bakit ka naririto sa mundo." Pasikreto niyang ipinapahayag ito sa tainga ng puso.

"Nakikilala ang mga bagay sa pamamagitan ng kanilang kasalungat." Halimbawa, kung walang kadiliman, hindi makikilala ang liwanag at hindi ito maglalaman ng kaligayahan. Kung walang lamig, hindi maiintindihan kung ano ang init at hindi ito maglalaman ng kaligayahan. Kung walang gutom, walang sarap na maidudulot ang pagkain. Kung walang uhaw, walang sarap na malalaspag sa pag-inom ng tubig. Kung walang pagkabalisa, walang ginhawang makukuha sa mabuting kalusugan. Kung walang karamdaman, walang kaligayahang makukuha sa mabuting kalusugan

O maysakit na iniisip ang kanyang kabilang buhay! Inaalís ng sakit ang duming dulot ng kasalanan gaya ng sabon, at nakalilinis. Sinabi sa isang

matibay na hadith (isang ulat o pagsasalaysay sa sinabi o ikinilos ng Propeta Muhammad [sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah]) na ang mga sakit ay pambayad sa mga kasalanan. At sa isa pang hadith, sinasabi: “Gaya ng paglaglag ng mga hinog na bunga mula sa kinakalog na puno, nalalaglag ang mga kasalanan ng isang nananampalataya sa pagkakakalog sa kanya sa pamamagitan ng sakit.” (Bukhari, Marda 1, 2, 13, 16; Muslim, Birr 45; Darimi, Rikak 57; Musnad i, 371, 441; ii, 303, 335; iii, 4, 18, 38, 48, 61, 81.)

O maysakit na nag-aalala nang hindi kinakailangan! Nag-aalala ka sa kalubhaan ng iyong sakit at ang pag-aalala na iyan ay nagdaragdag sa iyong sakit. Kung gusto mong hindi maging gaanong malubha ang iyong sakit, piliting huwag mag-alala. Ibig sabihin, isipin ang mga pakinabang ng iyong sakit, ang espirituwal na kabayaran para rito, at na mabilis itong lilipas; alisin ang pag-aalala; putulin ang sakit sa ugat nito.

Oo, dinodoble ng pag-aalala ang sakit. Ang pag-aalala ay nagbibigay ng di-materyal na sakit sa puso sa ilalim ng pisikal na sakit; nakasandal dito ang pisikal na sakit at nagpapatuloy. Kung titigil ang pag-aalala sa pamamagitan ng pagpapasakop, pagtanggap, at pag-iisip sa karunungan nakapaloob sa sakit, napuputol ang isang mahalagang ugat ng pisikal na sakit; ito ay nagiging mas magaan at sa isang banda’y nawawala. Minsan lumalaki nang sampung beses ang isang maliit na pisikal na sakit dahil sa pag-aalala. Sa pagputol ng pag-aalala, siyam sa sampu ng sakit ay nawawala.

O, aking mga kapatid na may sakit! Kung gusto ninyo ng talagang kapaki-pakinabang at gamot para sa bawat sakit at tunay na kalugod-lugod na banal na lunas, pagyamanin ang inyong pananampalataya! Iyon ay, sa pamamagitan ng pagsisisi at paghingi ng kapatawaran, at araw-araw na limang beses na pagdarasal at pagsamba, gamitin ang pananampalataya, yaong banal na lunas—at ang gamot na nagmumula sa pananampalataya.

Maaaring i-download itong libro sa: <https://barmm.info/imh/resources>

Ipinahayag ni Mujahid:

Isinaad ni Abdullah 'Ibn Umar (kaluguran nawa siya ng Allah): Hinawakan ako sa balikat ng sugo ng Allah (sumakanya ang kapayapaan at pagpapala) at sinabi, “Mamalagi sa mundong ito na tila ikaw ay isang dayuhan o manlalakbay sa isang landas.”

Idinagdag ng nagpahayag: Sinasabi ni Ibn Umar, “Kung umabot ka sa gabi, huwag mong hintayin ang umaga. Kung umabot ka sa umaga, huwag mong hintayin ang gabi. Kunin mula sa iyong kalusugan ang para sa iyong sakit, at mula sa iyong buhay ang para sa iyong kamatayan.”

(Sahih Al-Bukhari)

Maraming salamat sa pagbibigay ng kaunting oras para sa babasahing ito. Nawa'y nakatulong ito sa atin na mas kumalma at mas makita ang mga karunungan at pagpapala sa kabila ng nagaganap na epidemya, in shaa Allah.

Dalangin namin na gawin natin sa abot ng ating makakaya, sa panahong ibinigay sa atin, na maglakbay tungo sa Allah nang may malalim na pananampalataya, pagpapasalamat, at pagtitiis anuman ang ating maranasan.

Mapayapa at maliwanag na paglalakbay, kapatid!